



FDA ADVISORY

No. 2022-1633-A

20 SEP 2022

PARA : SA LAHAT NG HEALTHCARE PROFESSIONALS AT SA PUBLIKO

PAKSA : Babala sa Publiko Tungkol sa Pagbili at Paggamit ng mga Sumusunod na Hindi Rehistradong Gamot:

1. Gluta Essencial Snow White Drip 25,000,000 mg Glutathione, 1,200 mg Kojic Acid, 600mg Coenzyme Q10, Nano Concentrated Multivitamins I.M / I.V
2. Gluta Essencial Cinderella Infusion Drip 3,000,000mg Ultra Concentrated Glutathione, 80,000mg Multivitamin Complex, 700mg Polydeoxyribonucleotide (PDRN) I.M / I.V 25ml
3. Gluta Essencial Celestial Infusion Drip 2,500,000 mg Glutathione, 800 mg Alpha Lipoic Acid, 600 mg Kojic Acid, 3600 mg Whitening Booster I.M / I.V

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga sumusunod na hindi rehistradong gamot:



Gluta Essencial Snow White Drip 25,000,000 mg Glutathione, 1,200 mg Kojic Acid, 600mg Coenzyme Q10, Nano Concentrated Multivitamins I.M / I.V

Larawan 1. Hindi rehistradong gamot





Gluta Essencial Cinderella Infusion Drip 3,000,000mg Ultra Concentrated Glutathione, 80,000mg Multivitamin Complex, 700mg Polydeoxyribonucleotide (PDRN) I.M / I.V 25ml

Larawan 2. Hindi rehistradong gamot



Gluta Essencial Celestial Infusion Drip 2,500,000 mg Glutathione, 800 mg Alpha Lipoic Acid, 600 mg Kojic Acid, 3600 mg Whitening Booster I.M / I.V

Larawan 3. Hindi rehistradong gamot

Napatunayan sa pamamagitan ng isinagawang *Post-Marketing Surveillance* (PMS) ng FDA na ang mga nasabing gamot ay hindi dumaaan sa proseso ng rehistrasyon ng Ahensya at hindi nabigyan ng kaukulang awtorisasyon tulad ng *Certificate of Product Registration* (CPR). Dahil dito, hindi masisiguro ng Ahensya ang kalidad, kaligtasan at bisa nito. Samakatuwid, ang paggamit ng nasabing mga ilegal na produkto ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan.

Alinsunod sa *Republic Act No. 9711*, o ang *Food and Drug Administration Act of 2009*, ang paggawa, pag-angkat, pagbenta, pamamahagi, paglipat, promosyon, pagpapatalastas o *sponsorship* ng produktong pangkalusugan nang walang kaukulang awtorisasyon mula sa FDA ay ipinagbabawal.

Ang lahat ng establisyamento at/o entidad ay binabalaang huwag mamahagi ng nasabing mga ilegal na produkto hanggang sa ito ay mabigyan ng kaukulang awtorisasyon. Karampatang parusa ay mahigpit na ipatutupad sa mga lalabag. Ugaliing tignan kung rehistrado ang produkto sa FDA sa pamamagitan ng *FDA Verification Portal feature* na makikita sa <https://verification.fda.gov.ph>.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at *Law Enforcement Agencies* (LEAs) na tiyaking ang mga produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaaring mag-email sa info@fda.gov.ph. Upang mag-report ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong gamot, mag-email sa ereport@fda.gov.ph. Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* (CDRR) sa numerong (02) 8809-5596. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-report agad sa FDA gamit ang *link* na ito: <https://primary.reporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH> at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.


DR. SAMUEL A. ZACATE
Director General

DTN: 

20220906085757